Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Santa Cruz

# SANGGUNIANG BAYAN OFFICE

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 28, 2025, LUNES, IKA-09:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad- nasa vacation leave |

RECEIVED 08 AUG 2025 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE AUG 2025 TIME ______ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 224- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 003-T2025/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 003-T2025 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II NA NAGPAPATUPAD NG TAMANG PAGGAMIT NG MOTORSIKLO, BISIKLETA, E-BIKE O SASAKYANG KAHALINTULAD NITO SA LOOBAN NG A. MABINI STREET PAPUNTANG PNR ROAD SAKOP NG KARATIG BARANGAY.**

**Sponsor : HON. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**

**SAPAGKAT**, ang Sangguniang Barangay ay may tungkuling mapangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito sa lahat ng uri ng sakuna at panganib;

**SAPAGKAT,** ang pagpapanatili ng kaligtasan at karapatan ng mga naninirahan dito na magamit ang kanilang mga motorsiklo, bisikleta, e-bike o sasakyang kahalintulad nito kalakip ang wastong disiplina.

**SAPAGKAT**, nakasaad sa Kapasiyahan Blg. 003-T2025/Kautusang Barangay Blg. 003-T2025 ng Sangguniang Barangay Poblacion II na upang maging ligtas ang mga taong dumadaan sa looban ng A. Mabini St. papuntang PNR Road sakop ng karatig barangay ay minabuti na magkaroon ng alituntunin at kaukulang multa na ipapataw sa mga lalabag sa alituntunin batay sa paggamit nila ng tama sa kanilang motorsiklo, bisikleta, e-bike o anumang sasakyan na kahintulad nito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ambiel John C. Panganiban (Tagapamuno – Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon), na pinangalawahan ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 003-T2025/Kautusang Barangay Blg. 003-T2025 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na ang pagpapatupad ng tamang paggamit ng motorsiklo, bisikleta, e-bike o sasakyang kahalintulad nito sa looban ng A. Mabini Street papuntang PNR Road sakop ng karatig barangay.

**INIUUTOS**: na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 28, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/cel 25